

Virgilio Almario

## ILANG MGA TULA NG HARAYA

Poemas originales en lengua filipina  
y traducción al español de Salvador Malig,  
con revisión de Pedro Aullón de Haro

Revista Filipina  
2019

## EN VÍSPERAS DE LA ESTACIÓN LLUVIOSA

Hace rato estaba muy negra la corona de Suko;  
 Era sólo mediodía y las nubes ya estaban bajas,  
 Estaba ansioso el ejército de hormigas y libélulas,  
 E inquietas las alas de las golondrinas;  
 Ahora, se han sublevado las polillas:  
 Una tempestad que busca cualquier tipo de calor  
 Pues está muy frío el aliento de la noche.  
 La lluvia va a caer fuerte, vaticinaron los ancianos  
 Sentados en cuclillas alrededor del fuego.  
 Y esa es la señal de que las mujeres y amas de casa  
 Van a extraer jengibre para la infusión matutina  
 O zurzan pantalones cortos y jerséis grises,  
 O manden cortar brotes de bananos y *butuan*.  
 Los hombres van a cerrar el canal y las compuertas,  
 Comprobarán si están bien instaladas la sogá y la carreta,  
 Revisarán dónde la cuchilla y el arado están guardados,  
 Medirán las semillas que quedan en los cestos,  
 Cortarán las tiras de bambú y bejuco para que encajen,  
 Desempolvarán el sombrero y el salacot de *anahaw*,  
 Limpiarán la linterna y la petaquilla de aluminio,  
 Pondrán más zacate y heno en el abrevadero,  
 Reforzarán las paredes del granero y del corral.  
 En verdad es mucho lo que hay que preparar en vísperas  
 De la estación lluviosa.

16 de enero de 1982

*Retrato y Recuerdo*

## BISPERAS NG TAG-ULAN

Kangina'y sakdal-itim ang putong ni Sukô;  
 Tanghali pa lámang ay mababà na ang ulap,  
 Balisá ang hukbo ng langgam at tutubi,  
 At ligalíg ang bagwis ng mga timpapalis;  
 Ngayon, may insureksiyon ang mga gamugamo:  
 Isang sigwang naghahanap ng anumang init  
 Sapagkat sakdal-lamig ang hininga ng gabi.  
 Bubuhos ang ulan, hulà ng matatanda  
 Hábang nakatalungko sa paligid ng sigâ.  
 At hudyat iyon sa kababaihan at maybahay  
 Para maghukay ng luya sa pang-umagang salabat  
 O kayâ'y magsulsi ng gris na putot at sambra,  
 O magpapútol ng tunod ng saging at butuan.  
 Isasara ng kalalakihan ang paraan at pitas,

Susuriin ang nakalikaw na pamitik at guyuran,  
Titimbangin ang nakahimpil na lipya't sudsod,  
Tatakalin ang natitirang binhi sa matong,  
Bibiyakin ang mga lapáting kawayan at bukawe,  
Papagpagin ang anahaw na kalapyaw at salakot,  
Pakikintabin ang aluminyong pangilaw at patakilya,  
Dadagdagan ang sakate't ginikan sa labangan,  
Susuhayan ang kanluran ng kamalig at kural.  
Totoong maraming dapat ihanda sa bisperas  
Ng isang tag-ulan.

16 Enero 1982  
*Retrato at Rekwerdo*

## APRÈS LE DÉLUGE

Al disiparse la oscuridad y el ruido,  
Una antena chafada fue la que señaló  
El castigo de una semana de lluvia:

Colgaban de la verja caída  
El poste mareado de electricidad  
Y el brazo caído de un tamarindo.

La inundación aún llegaba hasta la rodilla  
Y la alcantarilla se atragantaba  
Con el pecado y la basura que llevaba.

Pero parece que la calle está más sucia,  
Oían mal los sacrificios,  
Y aumentaron las ratas y la carroña.

La misa aun por radio es larga;  
Y cada uno que sale fuera  
Es como un recién salido del Arca.

Es la hora de la farmacia y el cuervo,  
De las funerarias ocupadas,  
Y de la caridad en bolsa de plástico.

La vida debe continuar de nuevo.  
Cuando el arcoiris de neón suelte chispas,  
Reinarán la vendedora y el criminal...

24 de Julio de 1984  
*Leyenda e historia*

## APRÈS LE DÉLUGE

Pagkahawi ng dilim at ingay,  
Gusot na antena ang nagturo  
Sa parusa ng sanlinggong ulan:

Nakasampay sa baklas na bakod  
Ang nahilong poste ng koryente  
At putól na bisig ng sampalok.

Hanggang-tuhod pa ang bahâng tubig  
At nabubulunan ang imburnal  
Sa inanod na kasalanan at yagit.

Ngunit lalo yatang dumumi ang kalye,  
Nangangamoy ang mga sakripisyo,  
At mas dumami ang mga daga't peste.

Mahabà kahit nakaradyong misa;  
Bawat magdaan naman sa labas  
Ay parang bagong alpas sa Arka.

Oras ito ng parmasya't uwak,  
Ng mga abaláng punerarya,  
At nakaplastik na karidad.

Dapat muling magpatuloy ang búhay.  
Pagsiklab ng bahagharing neon,  
Maghahari ang tindera't kriminal

24 Hulyo 1984  
(A)lamat at (H)istorya

\* \* \*

## ESCONDIÓ SU LENGUA

Escondió su lengua  
Porque siempre le rechinan los dientes.  
Escondió sus ojos  
Porque la plata está sonando.  
Escondió sus orejas  
Porque las murmuraciones y discursos son venenosos.  
Escondió su nariz  
Porque no quiere caer en el fango.  
Escondió sus pies y manos  
Y se convirtió en árbol caído.

Escondió su cabeza y cuello  
Y se convirtió en ataud viejo y sucio.  
Cuando escondió hasta conciencia y corazón,  
Volvió a vivir y llegó muy lejos.

8 de agosto de 1977

*Indirectas*

## ITINAGO NIYA ANG KANIYANG DILA

Itinago niya ang kaniyang dila  
Pagkat laging nagtatagis ang mga ngipin.  
Itinago niya ang kaniyang mata  
Pagkat ang pilak ay kumakalansing.  
Itinago niya ang kaniyang tainga  
Dahil makamandag ang bulong at talumpati.  
Itinago niya ang kaniyang ilong  
Dahil ayaw niyang bumagsak sa pusali.  
Itinago niya ang kaniyang paa't kamay  
At naging isa siyang buwal na punongkahoy.  
Itinago niya ang kaniyang ulo't leeg  
At naging isa siyang gusgusing lumang ataul.  
Nang itago niya pati budhi't puso,  
Nabúhay siyang muli't nakarating sa malayo.

8 Agosto 1977  
*Palipad-Hangin*

\* \* \*

## EL NIÑO MENDIGO EN LA TABERNA

¿Acaso podré olvidar tu llegada,  
Una pequeña gota de rocío andrajoso  
Que se acercó a la mesa ocupada?  
Cortaste por un instante las carcajadas,  
La danza de la cerveza y la música de los cubiertos  
En los morros sudorosos y aceitosos,  
Por un momento remordiste la conciencia  
De las miradas de lujo cómplice.  
Mas sólo por un momento.

Implorando la suerte,  
Con ojos suplicantes,  
Otra vez el asco pudo más que la piedad,  
Escupió una mirada y lengua ácidas:

¿Cómo te atreves a molestarnos  
En nuestro santuario? Hijo de las tinieblas,  
Cuando el camarero te empujó hacia fuera,  
¿Acaso podré olvidar tu última mirada,  
Pétalos gemelos de suspiro  
Que cayeron en la oscuridad...?

31 de diciembre de 1975  
*Doctrina de los oprimidos*

## ANG PASLIT NA PULUBI SA TABERNA

Malilimot ko ba ang iyong pagdatal,  
Isang munting patak ng gusgusing hamog  
Na lumigid-ligid sa abaláng hapag?  
Saglit mong pinugto ang mga halakhak,  
Sayaw ng serbesa't himig ng kubyertos  
Sa mga pawisa't mamantikang nguso,  
Sandalíng pinukaw ang pagkatigátig  
Sa nagkakaniig na titig ng layaw.  
Ngunit saglit lámang.

Pagluhog ng palad,  
Kalakip ang matáng hinog sa pagsamo,  
Muling pinaderan ng diri ang habag,  
Nagbuga ng titig at dilang asido:  
Sino kang pangahas na gambalain kami  
Sa aming sant'waryo? Supling ng karimlan,  
Nang itinaboy kang tulak ng serbidor,  
Malilimot ko ba ang hulí mong sulyap,  
Kambal na talulot ng buntonghiningang  
Nalagas sa dilim...

31 Disyembre 1975  
*Dotrinang Anakpawis*

\* \* \*

## RUTINA

Nunca falla, antes de salir él,  
Le pregunta su mujer cariñosamente.  
-Tu comida, ¿la tienes?  
Le arregla el cuello y los botones,  
Con una sonrisa le dice suavemente:  
-Al cruzar, ten cuidado.

Ahora, antes de salir,  
Echa una mirada a la foto de su mujer:  
-Tu comida, ¿la tienes?  
Se arregla el cuello y los botones,  
Susurra suavemente:  
-Al cruzar, ten cuidado.

20 de julio de 1985  
*Leyenda e historia*

### RITWAL

Walang mintis, bago siyá makaalis,  
Magtatanong nang magiliw ang maybahay.  
“Ang báon mo, dalá mo ba?”  
Aayusin ang kuwelyo at butones,  
Nakangiting sasabihin nang mahinay:  
“Sa pagtawid, mag-ingat ka”.

Kahit ngayon, bago siyá makaalis,  
Susulyapan ang larawan ng maybahay:  
“Ang báon mo, dalá mo ba?”  
Aayusin ang kuwelyo at butones,  
Uusalin sa sarili nang mahinay:  
“Sa pagtawid, mag-ingat ka”.

20 Hulyo 1985  
*(A)lamat at (H)istorya*

\* \* \*

### ESTREMELENGGOLES

Lleno de moscas el mercado  
Lleno de ratas el trastero  
Aumentan los rebeldes  
Se alargan las colas,  
Estremelenggoles  
Se levantará la masa.

Por eso el Rey convocó  
Una junta del gabinete;  
Pidió consejo, pidió informes,  
Después lo que dijo fue:  
-Estremelenggoles,  
¡Fumigar la peste!-

Fumigaron toda la ciudad,  
Fumigaron el campo y el bosque,  
Fumigaron cada rincón.  
Pero el informe de Sanidad:  
-Estremelenggoles,  
La peste se extiende-.

El Rey no conciliaba el sueño,  
No se levantaba, ni se sentaba,  
Alguien osó aconsejarle:  
-El jaleo alguien lo organiza-.  
-Estremelenggoles  
Encarcelad al jefe-.

Encarcelaron al político,  
Prohibieron hasta la unión;  
Hasta el arroz racionaron,  
La masa más hambre tenía:  
Estremelenggoles  
Va a la revolución.

El Rey enfadado convocó una junta,  
El Ministro fue castigado,  
Y cuando casi ya tenía los ojos torcidos  
Dijo el Payaso:  
-Estremelenggoles  
Decapitado-.

Decapitaron al Ministro  
La peste llegó hasta el sur;  
Decapitaron al Obispo  
El norte se reventó;  
El Payaso ordenó:  
-Seguid con la decapitación-.

Ahora, cada persona señalada  
Pobre cabeza rodando;  
Porque el desorden no se paraba  
El Payaso refunfuñó:  
-Estremelenggoles  
Pa'lante, a decapitar-.

Cuando ya no quedaban oficiales,  
Generales y consejeros,  
Y ya no había ni sombra  
Que decapitar en el palacio...  
Estremelenggoles  
Ahorcado fue el Payaso.



El pobre Rey enfermó  
No orinaba, ni evacuaba;  
Por problemas hasta el cuello,  
Una noche se colgó.  
¡Estremelenggoles!  
La peste se fue.

6 de enero de 1977

*Leyenda e historia*

## ESTREMELENGGOLES

Puro langaw sa palengke  
Puro daga sa bodega  
Dumarami ang rebelde  
Humahabà'ng mga píla,  
Estremelenggoles  
Aalsa ang masa.

Kayâ Hari'y nagpatawag  
Ng pulong ng gabinete;  
Nagpapayo, nagpaulat,  
Pagkatapos ang sinabi:  
“Estremelenggoles,  
Bombahin ang peste!”

Binomba ang buong lungsod,  
Binomba ang nayo't gubat,  
Binomba rin bawat sulok.  
Ngunit report ng Sanidad:  
“Estremelenggoles,  
Peste'y kumakalat”.

Hari'y di na makatúlog,  
Di matayô, di maupô.  
May nagpayong lakas-loob:  
“Sa gulo'y may nagbubuo”.  
“Estremelenggoles  
Ikarsel ang punò”.

Politiko'y ipiniit,  
Ibinawal pati unyon;  
Kahit bigas ay tinipid,  
Masa'y lalong nagugútom:  
Estremelenggoles  
Magrerebolusyon.

Hari’y galít na nagmiting,  
Ang Ministro’y kinastigo,  
At nang halos naduduling  
Ay sumabad ang Payaso:  
“Estremelenggoles  
Pugútan ng Ulo”.

Pinugútan ang Ministro  
Nagkapeste hanggang Timog;  
Pinugútan ang Obispo  
Ang Hilaga ay sumabog;  
Upat ng Payaso,  
“Ituloy ang púgot”.

Ngayon, bawat maituro  
Pobreng ulo’y gumugúlong;  
Dahil gulo’y di masugpo  
Si Payaso’y puro bulong:  
“Estremelenggoles  
Púgot ay ituloy”.

Nang maubos ang opisyal,  
Heneral, at tagapayo,  
At wala nang mapugútang  
Ni anino sa Palasyo...  
Estremelenggoles  
Bitay si Payaso.

Pobreng Hari’y nagkasakít  
Di maihi, di madumi;  
Sa problemang hanggang leeg,  
Isang gabi ay nagbigti.  
Estremelenggoles!  
Nawala ang peste.

6 Enero 1977  
*(A)lambat at (H)istorya*